



Mga Bakuna sa COVID-19

Ang kailangang malaman ng mga kabataan



MAAARI BA AKONG MAKAKUHA NG BAKUNA SA COVID-19?

Kung ikaw ay 12 taon o higit pa, maaari kang makakuha ng **Pfizer** na bakuna.

- **Libre** ang mga bakuna para sa lahat.
- Hindi kailangan na mayroon kang insurance.
- Hindi ka tatangungin tungkol sa katayuan ng iyong imigrasyon.
- Kung wala ka pang 18, kakailanganin mo ng pahintulot ng magulang o tagapag-alaga para makakuha ng bakuna.

BAKIT KA MAGPAPABAKUNA SA COVID-19?



- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay **ligtas at epektibo**.
- Karamihan sa mga nakababata na nagkakaroon ng COVID-19 ay may banayad o walang mga sintomas, ngunit ang ilan ay maaaring lubhang magkasakit o magkaroon ng matagalang problema sa kalusugan.
- Kung magkakaroon ka ng COVID-19, maaari mong maikalat ang virus sa ibang mga tao kahit na wala kang pakiramdam ng pagkakasakit. Tulungang protektahan ang iyong mga kaibigan at pamilya sa pamamagitan ng pagbabakuna.

SAAN AKO MAAARING MAKAKUHA NG BAKUNA?

Tanungin ang iyong doktor, lokal na parmasya, o bisitahin ang **VaccinateLACounty.com** para makahanap ng isang lugar sa pagbabakuna na malapit sa iyo. Tumingin ng mga pop-up na mga klinika ng bakuna sa iyong paaralan o sa iyong lugar. **Hindi kailangan ng tipanan (appointment)** sa maraming lokasyon.

Tawagan ang DPH Vaccine Call Center sa **833-540-0473** kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng bakuna, kailangan ng transportasyon sa isang lugar, o humiling ng pagbabakuna sa bahay kung hindi ka nakakalabas ng tahanan. Bukas araw-araw mula 8am - 8:30 pm.

Magagamit ang impormasyon sa maraming wika 24/7 sa pagtawag sa 2-1-1



ANO ANG MGA EPEKTO (SIDE-EFFECT)?

- Pangkaraniwan ang mga epekto at isang palatandaan na ang iyong immune system ay **bumubuo ng proteksyon**.
- Maaaring kabilangan ito ng namamaga o namumulang braso, pakiramdam ng pagkapagod, lagnat, panggiginaw, sakit ng ulo o kalamnan. Hindi lahat ay magkakaganito.
- Gagawin nilang mahirap na gampanan ang iyong mga pang-araw-araw na aktibidad, ngunit dapat na mawala rin sa loob ng ilang araw.



VaccinateLACounty.com
(Tagalog)



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health



Mga Bakuna sa COVID-19

Ang kailangang malaman ng mga kabataan

LIGTAS BA ANG MGA BAKUNA SA COVID-19?

- Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala alinman sa mga bakuna ang may virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Ang mga bakuna ay nasubukan na sa daan-daang libong tao, kabilang ang mga tao sa lahat ng edad, kulay, at mga taong may mga medikal na kondisyon at napag-alamang ligtas.
- Ang bawat hakbang na kinakailangan para masigurado na ang isang bakuna ay **ligtas at epektibo** ay nasunod.
- Walang ebidensya na ang bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pagbubuo ng pangkalahatang pagkatao o iyong kakayahan na magkaroon ng mga anak. Ang pagkuha ng bakuna ay pinabababa ang iyong tiyansa na magkasakit, maikalat ito sa ibang mga tao, pagpapaospital, o pagkamatay mula sa COVID-19.



BAGO KA MABAKUNAHAN

- Makipag-usap sa iyong magulang tungkol sa bakuna sa COVID-19. Tanungin sila ng mga katanungan na mayroon ka.
- Siguruhin na ang klinika ng bakuna na iyong pinupuntahan ay nagbibigay ng Pfizer na bakuna.
- Magdala ng dokumento na nagpapakita ng iyong petsa ng kapanganakan sakaling hilingin sa iyo na magpakita ng patunay ng edad.
- Huwag kalimutan ang **pahintulot ng magulang**. Kakailanganin ng iyong magulang o tagapag-alaga na magpunan ng isang form ng pahintulot.
- Kunin ang iba pang mga bakuna. Maaaring ibigay ang bakuna sa COVID-19 nang sabay, bago, o pagkatapos ng iba pang mga bakuna, tulad ng HPV.

PAGKATAPOS MONG GANAP NA MABAKUNAHAN

- Ikaw ay **ganap nang nabakunahan** 2 linggo pagkatapos mong makuha ang ika-2 Pfizer na bakuna. Inaabot ng ilang panahon para makabuo ng imyunidad ang iyong katawan.
- Sa oras na ikaw ay ganap nang nabakunahan:
 - Maaari nang simulang gawin ang mga aktibidad na hindi mo na nagagawa – tulad ng pagsama sa mga kaibigan, paglalaro ng isports (nang hindi sinusuri), o pagbisita sa pamilya.
 - Hindi kailangan na mag-quarantine kung ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, guro o kasamahan sa koponan ay nagkaroon ng COVID-19.

